

County ng Santa Clara

Departamento ng Pamublikong Pangkalusugan

Opisyal ng Pangkalusugan
976 Lenzen Avenue, 2nd Floor
San José, CA 95126
408.792.3798



KAUTUSAN NG OPISYAL NG PANGKALUSUGAN NG COUNTY NG SANTA CLARA NA NAGTATAG NG MGA BINAGONG MAHIGPIT NA IPINAPATUPAD NA PAMAMARAAN SA PAGBABAWAS NG PANGANIB NA NAAANGKOP SA LAHAT NG MGA AKTIBIDAD AT SEKTOR UPANG MATUGUNAN ANG PANDEMYANG COVID-19

PETSA NG KAUTUSAN: Oktubre 5, 2020

Mangyaring basahin ang Kautusang ito nang mabuti. Ang paglabag sa o kabiguang sumunod sa Kautusang ito ay isang maliit na krimen (misdemeanor) na mapaparusahan ng multa, pagkabilanggo, o ng pareho. (Kodigo ng Kalusugan at Kaligtasan ng California § 120295, *et seq.*; Cal. Kodigong Penal § § 69, 148 (a) (1); Kodigo ng Ordinansa ng County ng Santa Clara § A1-28; Ordinansa ng County NS-9.291.)

SA ILALIM NG AWTORIDAD NG KODIGO NG KALUSUGAN AT KALIGTASAN NG CALIFORNIA SEKSYON 101040, 101085, 120175 AT KODIGO NG ORDINANSA NG SANTA CLARA COUNTY SEKSYON A18-33, INUUTOS NG OPISYAL NG PANGKALUSUGAN ("OPISYAL NG PANGKALUSUGAN") NG COUNTY NG SANTA CLARA:

1. Layunin at Hangarin.

- a. Pinapalitan ng Kautusang ito ang Hulyo 2, 2020 na Kautusan ng Pagbabawas ng Panganib ng Opisyal ng Pangkalusugan ("Naunang Kautusan"), at magkakabisa sa petsa at oras na nakalagay sa Seksyon 16 sa ibaba, kapag pinayagan ng Departamento ng Pamublikong Pangkalusugan ng California na lumipat ang Santa Clara County sa Antas 3 (Orange na Antas ng Panganib) sa ilalim ng "Plano para sa Mas Ligtas na Ekonomiya" ng Estado (<https://covid19.ca.gov/safer-economy/>). Ang Kautusang ito ay nagpapatupad ng ilang mga lokal na paghihigpit na idinisenyo upang limitahan ang pagkalat ng SARS-CoV-2, ang virus na sanhi ng Novel Coronavirus Disease 2019 ("COVID-19"). Ang COVID-19 ay nagpapatuloy na nagdudulot ng matinding panganib sa mga residente ng ating County, at ang mga makabuluhang pamamaraan sa kaligtasan ay kinakailangan upang labanan ang pagdami ng mga kaso at pagkamatay dahil sa COVID-19. Ang Kautusang ito ay nangangailangan na mapatupad ang mga pamamaraan sa pagbabawas ng panganib sa lahat ng mga sektor at aktibidad ng negosyo, na tinitiyak na ang mga kinakailangang pag-iingat ay sinusunod habang tayo ay namumuhay na may patuloy na banta na dinudulot ng virus. Patuloy na susubaybayan ng Opisyal ng Pangkalusugan ang data hinggil sa at bumabago na siyentipikong pag-unawa sa mga panganib na dulot ng COVID-19 at maaaring baguhin o tanggalin ang Kautusan batay sa pagsusuri ng data at kaalaman. Batay sa epektibong

petsa at oras ng Kautusang ito na nakasaad sa Seksyon 16 sa ibaba, ang lahat ng mga indibidwal at negosyo sa County ay kinakailangan na sumunod sa mga probisyon ng Kautusang ito. Dapat ding sumunod ang mga ahensya ng gobyerno sa mga probisyon ng Kautusang ito maliban kung ito ay tinukoy.

- b. Ang pangunahing hangarin ng Kautusang ito ay ang pagbabawas ng panganib ng COVID-19 sa County. Lahat ng mga probisyon ng Kautusang ito ay dapat na mapaliwanag upang maipatupad ang hangaring ito. Ang kabiguang sumunod sa alinman sa mga probisyon ng Kautusang ito ay bumubuo ng isang napipintong banta at panganib sa kalusugan ng publiko, bumubuo ng isang panggugulo sa publiko, at mapaparusahan sa pamamagitan ng multa, pagkabilanggo, o ng pareho.
- c. Ang mga pagsisikap na ginawa sa ilalim ng nakaraang mga kautusan na manatili sa bahay ng Opisyal ng Pangkalusugan at ang Paunang Kautusan ay nagpabalang sa direksyon ng virus. Habang ang emergency sa pampublikong pangkalusugan at banta sa populasyon ng County ay mananatiling malubha, makabuluhang nadagdagan ng rehiyon ang kapasidad nito upang makita ang mga kaso at mapigil ang pagkalat sa pamamagitan ng malawakang pagpapasuri; lubos na pinalawak nito ang imbestigasyon ng mga kaso at ang programa sa pagsubaybay ng nakipagsalamuha at ang dami ng manggagawa; at pinalawak ang mga mapagkukunan at kapasidad ng ospital. Dahil sa nabanggit sa itaas, binabawasan ng Kautusang ito ang mga paghihigpit sa mga aktibidad na nakasaad sa Naunang Kautusan.
- d. Ang mga paghihigpit na nakasaad sa Kautusang ito ay batay sa ebidensya ng patuloy na makabuluhang pagkalat sa komunidad ng SARS-CoV-2 sa loob ng County; siyentipikong ebidensya at pinakamahusay na pamamaraan hinggil sa pinaka-pektibong pamamaraan upang mapabalang ang pagkalat ng mga nakakahawang sakit sa pangkalahatan at partikular ang SARS-CoV-2; katibayan na ang edad, kondisyon, at kalusugan ng isang makabuluhang bahagi ng populasyon ng County ay may panganib para sa malubhang komplikasyon sa kalusugan, kabilang ang kamatayan, mula sa COVID-19; at karagdagang katibayan na ang iba, kabilang ang mas bata at ang mga malusog na tao, ay nanganganib din para sa malubhang negatibong mga resulta at maaari ring magkalat ng SARS-CoV-2 sa mga taong madaling magkasakit. Dahil kahit na ang mga taong walang sintomas ay maaaring magpakalat ng virus, at dahil nagpapakita ang ebidensya na madaling kumalat ang impeksyon, ang mga direkta o hindi direktang personal na pakikipaghalubilo ay maaaring magresulta sa maiiwasang pagkalat ng virus.
- e. Ipinakita ng siyentipikong ebidensya na, sa yugtong ito ng pandemya, nananatiling mahalaga ang pagpapanatili ng mga limitasyon at kondisyon upang mapabalang ang pagkalat ng virus upang makatulong: (a) protektahan ang pinakamahina; (b) pigilan na mahirapan ang sistema ng health care; (c) pigilan ang mga long-term chronic health

Kautusan ng Opisyal ng Pangkalusugan ng County
Pagtatatag ng mga Binagong Pamamaraan ng Pagbabawas ng Panganib
Upang Mapigilan ang COVID-19 (Inilabas noong Oktubre 5, 2020)

condition na nauugnay sa COVID-19, tulad ng pinsala sa puso, bato, at sa paghinga at pagkawala ng mga braso at paa mula sa namuuong dugo; at (d) maiwasan ang pagkamatay. Ang mga paghihigpit na nakasaad sa Kautusang ito ay kinakailangan upang mapabagal ang pagkalat ng sakit na COVID-19, sa pagpapanatili ng kapasidad ng health care sa County at pagsulong patungo sa isang punto sa kasalukuyang emergency ng pampublikong pangkalusugan kung saan maaaring makontrol ang pagkalat.

2. **Saan Naaangkop.** Lahat ng mga indibidwal, negosyo, at iba pang mga entidad sa County ay inutusan na sumunod sa naaangkop na mga probisyon ng Kautusang ito. Para sa kalinawan, ang mga indibidwal na hindi kasalukuyang naninirahan sa County ay dapat sumunod sa lahat ng naaangkop na mga kinakailangan ng Kautusan kapag sila ay nasa County. Dapat sumunod ang mga entidad na panggobyerno sa mga kinakailangan ng Kautusang ito na naaangkop sa mga negosyo, ngunit ang mga entidad na panggobyerno at ang kanilang mga kontratista ay hindi kinakailangang sumunod sa mga kinakailangang ito kung ang naturang mga kinakailangan ay makakahadlang o makakagambala sa isang mahalagang gawain ng gobyerno, na tinukoy ng entidad na panggobyerno, maliban kung partikular na inutos ng Kautusan o ng Opisyal ng Pangkalusugan.

3. **Pagsasama ng mga Proklamasyon sa Emergency at mga Kautusan ng Estado.**

- a. Inilabas ang Kautusang ito alinsunod sa, at isinasama, ang Marso 4, 2020 na Proklamasyon ng State of Emergency na inilabas ni Gobernador Gavin Newsom; ang Pebrero 3, 2020 na Proklamasyon ng Direktor ng mga Serbisyong Pang-emergency na Nagdedeklara ng Pagkakaroon ng Lokal na Emergency sa County; ang Pebrero 3, 2020 na Deklarasyon ng Lokal na Emergency sa Kalusugan Hinggil sa Bagong Coronavirus 2019 (COVID-19) na inilabas ng Opisyal ng Kalusugan; ang Pebrero 10, 2020 na Resolusyon ng Lupon ng mga Superbisor ng County ng Santa Clara na Nagpapatibay at Nagpapalawig ng Deklarasyon ng Lokal na Emergency sa Kalusugan; at ang Pebrero 10, 2020 Resolusyon ng Lupon ng mga Superbisor ng County ng Santa Clara na Nagpapatibay at Nagpapalawig ng Proklamasyon ng Lokal na Emergency.
- b. Ang Kautusang ito ay inilabas din dahil sa Kautusan ng Opisyal ng Pampublikong Pangkalusugan ng Estado noong Marso 19, 2020, na nagtakda ng mga paghihigpit sa buong estado sa mga aktibidad ng non-residential na negosyo, na epektibo hanggang may karagdagang abiso; ang Executive Order N-33-20 ng Gobernador noong Marso 19, 2020 na nag-uutos sa mga residente ng California na sumunod sa mga direktiba ng pampublikong pangkalusugan ng Estado; ang Executive Order N-60-20 ng Gobernador noong Mayo 4, 2020; ang Kautusan ng opisyal ng Pampublikong Pangkalusugan ng Estado noong Mayo 7, 2020 na pumapayag sa mga lokal na hurisdiksyon na simulan ang phased reopening; at ang Kautusan ng Opisyal ng Pampublikong Pangkalusugan sa Buong Estado noong August 28, 2020 (ang "Kautusan ng Estado"), na nagtatag ng

Kautusan ng Opisyal ng Pangkalusugan ng County
Pagtatatag ng mga Binagong Pamamaraan ng Pagbabawas ng Panganib
Upang Mapigilan ang COVID-19 (Inilabas noong Oktubre 5, 2020)

Plano ng California para sa Pagbabawas ng COVID-19 at Pag-aayos ng mga Pinahihintulatang Aktibidad ng Sektor upang Panatilihin Malusog at Ligtas ang mga taga-California (kilala rin bilang "Plano para sa Mas Ligtas na Ekonomiya"). Ang Executive Order ng Mayo 4, 2020, ang Kautusan ng Opisyal ng Pampublikong Pangkalusugan ng Estado ng Mayo 7, 2020, at ang Kautusan ng Estado ng Agosto 28, 2020 ay malinaw na kinikilala ang awtoridad ng mga lokal na opisyal ng pangkalusugan na magtaguyod at magpatupad ng mga pamamaraan sa pampublikong pangkalusugan sa loob ng kani-kanilang mga hurisdiksyon na mas mahigpit kaysa sa mga ipinapatupad ng Opisyal ng Pampublikong Pangkalusugan ng Estado.

4. **Obligasyon na Sumunod sa Mas Mahigpit na Kautusan.** Kung mayroong pagsalungat sa pagitan ng Kautusang ito at anumang kautusan na inilabas ng Opisyal ng Pampublikong Pangkalusugan ng Estado o ng Gobernador na nauugnay sa pandemyang COVID-19, ang pinakamahigpit na probisyon ang magkokontrol. Para sa kalinawan, ang lahat ng mga indibidwal at mga entidad ay dapat sumunod sa Kautusan ng Estado, sa anumang mahigpit na ipinapatupad na patnubay na inilabas ng Departamento ng Pampublikong Pangkalusugan ng California, sa anumang mahigpit na ipinapatupad na kautusan ng Gobernador, o sa anumang iba pang mahigpit na ipinapatupad na probisyon ng batas ng Estado kapag mas mahigpit ito kaysa sa anumang probisyon ng Kautusang ito. Alinsunod sa seksyon 131080 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan ng California at ang Gabay ng Pamamaraan para sa Pagkontrol sa Nakakahawang Sakit sa California ng Opisyal ng Pangkalusugan, maliban kung ang Opisyal ng Pangkalusugan ng Estado ay maaaring magpalabas ng isang kautusan na malinaw na tumutugon sa Kautusang ito at batay sa napg-alaman na ang isang probisyon ng Kautusang ito ay bumubuo ng isang panganib sa kalusugan ng publiko, ang anumang mas mahigpit na mga pamamaraan sa Kautusang ito ay patuloy na ipapatupad at magkontrol sa County na ito. Bilang karagdagan, kung pinapayagan ang mga aktibidad ng anumang pederal na patnubay na hindi pinapayagan ng Kautusang ito, ang Kautusang ito ay ang magkokontrol at ang mga aktibidad na iyon ay hindi pinapayagan.

5. **Obligasyon na Sumunod sa mga Direktiba ng Opisyal ng Pangkalusugan at Mahigpit na Ipinapatupad na Patnubay ng Estado.** Bilang karagdagan sa pagsunod sa lahat ng mga probisyon ng Kautusang ito, ang lahat ng mga indibidwal at mga entidad, kabilang ang lahat ng mga negosyo at mga entidad na panggobyerno, ay dapat ding sumunod sa anumang naaangkop na mga direktiba na inilabas ng Opisyal ng Pangkalusugan ng County at anumang naaangkop na "Patnubay sa Industriya sa COVID-19" na inilabas ng Departamento ng Pampublikong Pangkalusugan ng California, makikita sa <https://covid19.ca.gov/industry-guidance/>. Hanggang sa kung may pagsalungat sa mga probisyon sa mga direktiba ng Opisyal ng Pangkalusugan ng County at sa patnubay ng Opisyal ng Pangkalusugan ng Estado, nalalapat ang mas mahigpit na mga probisyon.

6. **Mga kahulugan.**

Kautusan ng Opisyal ng Pangkalusugan ng County
Pagtatatag ng mga Binagong Pamamaraan ng Pagbabawas ng Panganib
Upang Mapigilan ang COVID-19 (Inilabas noong Oktubre 5, 2020)

- a. Para sa mga layunin ng Kautusang ito, ang isang "negosyo" ay kinabibilangan ng anumang for-profit, non-profit, o entidad na pang-edukasyon, kahit na isang entidad ng korporasyon, organisasyon, kasosyohan o solong pagmamay-ari, at anuman ang katangian ng serbisyo, ang mga tungkulin nito, o istraktura ng korporasyon o entidad nito. Para sa kalinawan, ang "negosyo" ay kinabibilangan ng for-profit, non-profit, o entidad na pang-edukasyon na nagsasagawa ng mga serbisyo o gawain sa ilalim ng kontrata sa isang ahensya na panggobyerno.
- b. Para sa mga layunin ng Kautusang ito, ang "tauhan" ay nangangahulugang ang mga sumusunod na indibidwal na nagbibigay ng mga kalakal o serbisyo o nagsasagawa ng mga operasyon na nauugnay sa negosyo sa County: mga empleyado; mga kontratista at sub-kontratista (tulad ng mga nagbebenta ng mga kalakal o nagsasagawa ng mga serbisyo sa lugar o nagde-deliver ng mga kalakal para sa negosyo); mga independyenteng kontratista (tulad ng "gig workers" na nagsasagawa ng trabaho sa pamamagitan ng aplikasyon ng negosyo o iba pang online interface); mga tindera na pinahihintulatang magbenta ng mga paninda sa lokasyon; mga boluntaryo; at iba pang mga indibidwal na regular na nagbibigay ng mga serbisyo sa lokasyon sa kahilingan ng negosyo.
- c. Para sa mga layunin ng Kautusang ito, ang "pagtitipon" ay anumang panloob o panlabas na kaganapan o pagpupulong na pinagsasama-sama ang mga tao mula sa magkakahiwalay na mga sambahayan sa isang nakaayos na paraan. Ang mga limitasyon sa mga pagtitipon na nakasaad sa Kautusang ito ay nalalapat sa mga pagtitipon para sa anumang layunin, kabilang ang pang-ekonomiya, panlipunan, panrelihiyon, pangkultura, o iba pang mga layunin tulad ng, sa pamamagitan ng halimbawa at hindi limitado, isang kumperensya, serbisyo sa pagsamba, performance, o party. Para sa kalinawan, hindi kabilang sa pagtitipon ang mga normal na operasyon sa: mga lugar ng pangangalaga ng bata o sa mga silid-aralan sa preschool, kindergarten, elementarya, sekondarya, o mas mataas na edukasyon; mga lugar na naglalakbay ang mga tao; o mga lokasyon kung saan nasa parehong pangkalahatang espasyo sa parehong oras ang mga tao ngunit gumagawa ng mga magkakahiwalay na aktibidad, kabilang ang, sa pamamagitan ng halimbawa, mga medikal na opisina, ospital, o mga negosyo tulad ng mga opisina, tindahan, at restaurant kung saan ang mga tao ay maaaring nagtatrabaho, namimili, o kumakain sa parehong pangkalahatang lugar ngunit hindi magkasamang nagtitipon sa isang organisadong paraan. Ang pagtitipon ay hindi din kinabibilangan ng mga panloob na pagpupulong na eksklusibo na kinasasangkutan ng mga tauhan ng isang solong negosyo na ginawa sa pasilidad ng negosyong iyon dahil ang mga aktibidad na iyon ay napapailalim sa magkakahiwalay na mga probisyon ng Kautusang ito at mga direktiba ng Opisyal ng Pangkalusugan.

Kautusan ng Opisyal ng Pangkalusugan ng County
 Pagtatatag ng mga Binagong Pamamaraan ng Pagbabawas ng Panganib
 Upang Mapigilan ang COVID-19 (Inilabas noong Oktubre 5, 2020)

- d. Para sa mga layunin ng Kautusang ito, ang isang "pasilidad ng healthcare" ay nangangahulugang isang pasilidad o lugar ng trabaho na pinapatakbo ng isang negosyo na nagtatrabaho ang hindi bababa sa isang lisensyadong propesyonal sa healthcare upang magsagawa ng mga serbisyo sa pasilidad o lugar ng trabaho na nasa loob ng saklaw ng lisensya sa healthcare ng taong iyon. Ang “mga lisensyadong propesyonal sa healthcare” ay ang mga provider na itinuturing na Mga Lisensyadong Propesyonal sa Healthcare ng California Department of Consumer Affairs (www.dca.ca.gov/publications/healthcare_providers.shtml#professionals). Kung ang pasilidad ay ginagamit para sa iba pang mga gawain bilang karagdagan sa healthcare, ang “pasilidad ng healthcare” ay limitado sa bahaging iyon ng pangkalahatang pasilidad kung saan nagtatrabaho ang lisensyadong propesyonal sa healthcare at ang kanilang kawaning pangsuporta. Halimbawa, kung ang isang paaralan sa elementarya ay may empleyado na isang nakarehistrong nars, ang opisina ng nars ay itinuturing na isang pasilidad ng healthcare, ngunit hindi ang buong kampus ng paaralan.
7. **Ang Pananatili sa Bahay ay ang Pinakamahasay na Paraan upang Mabawasan ang Panganib.** Ang lahat ng mga tao ay maring pinapaalalahanan na ang pagpapatuloy na manatili sa bahay hangga't maaari ay ang pinakamahasay na paraan upang maiwasan ang panganib ng COVID-19, at samakatuwid ang mga paglalakbay at mga aktibidad sa labas ng bahay ay dapat na mabawasan. Ang lahat ng mga aktibidad na nagsasangkot ng pakikipagsalamuha sa mga tao sa labas ng sambahayan ng isang tao ay nagdaragdag ng panganib ng pagkahawa sa COVID-19.
8. **Mga Matatanda at Indibidwal na May Malubhang Medikal na Kondisyon.** Ang mga matatanda (mga edad 70 o mas matanda) at mga indibidwal na may malubhang medikal na kondisyon (kabilang ang may immunocompromised state, chronic kidney disease, chronic obstructive pulmonary disease, obesity, serious heart conditions, sickle cell disease, at diyabetis) ay maring hinihikayat na manatili sa kanilang bahay maliban sa pagkuha ng mga kritikal na pangangailangan tulad ng pagkain at gamot. Ang mga matatanda na may edad na 50 hanggang 69 ay hinihikayat na magbawas ng mga aktibidad at pakikipaghalubilo sa mga tao na nasa labas ng kanilang sambahayan hanggang sa ito ay magawa.
9. **Mga Kinakailangan ng Pagdistansya sa Ibang Tao** Kapag nasa labas ng kanilang bahay, ang lahat ng mga indibidwal ay dapat mahigpit na sumunod sa mga sumusunod na "Mga Kinakailangan sa Pagdistansya sa Ibang Tao" hangga't maaari:
1. Panatilihin ang hindi bababa sa anim na talampakan ang distansya sa ibang tao na hindi bahagi ng kanilang sambahayan;
 2. Pagsusuot ng mga panakip sa mukha ayon sa kinakailangan ng Seksyon 10;
 3. Madalas na paghuhugas ng kanilang mga kamay gamit ang sabon at tubig nang hindi bababa sa 20 na segundo, o paggamit ng sanitizer ng kamay na tinukoy ng Mga Sentro

Kautusan ng Opisyal ng Pangkalusugan ng County
Pagtatatag ng mga Binagong Pamamaraan ng Pagbabawas ng Panganib
Upang Mapigilan ang COVID-19 (Inilabas noong Oktubre 5, 2020)

para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit (CDC) bilang epektibo na panlaban sa COVID-19;

4. Pagtatakip ng mga ubo at pagbahing gamit ang isang tisyu o tela o, kung hindi posible, sa manggas o siko (ngunit hindi sa mga kamay); at
 5. Pag-iwas ng pakikipagsalamuha sa sinumang nasa labas ng kanilang sambahayan kapag may sakit na lagnat, ubo, o iba pang mga sintomas ng COVID-19.
10. **Mga Panakip sa Mukha.** Ang mga panakip sa mukha ay dapat na isuot sa lahat ng oras at ng lahat ng mga indibidwal na tinukoy sa mahigpit na ipinapatupad na Patnubay para sa Paggamit ng mga Panakip sa Mukha ng Departamento ng Pampublikong Pangkalusugan ng California ("Patnubay sa Panakip sa Mukha") at alinsunod sa anumang partikular na mga direktiba na inilabas ng Opisyal ng Pangkalusugan ng County. Bilang karagdagan, kahit na hindi kinakailangan sa ilalim ng patnubay at kautusan ng Estado o ng lokal, ang mga panakip sa mukha ay dapat na isuot hangga't maaari (1) kapag nasa loob ng bahay at hindi nasa sariling tirahan at (2) tuwing nasa labas at sa loob ng anim na talampakan ng sinumang hindi nakatira sa inyong sambahayan.
11. **Mga Limitasyon sa mga Pagtitipon.** Mariing hindi hinihikayat ang pagtitipon kasama ang mga indibidwal mula sa magkakahiwalay na sambahayan dahil nagdadala ito ng malaking panganib na mahawa sa COVID-19. Ang mga panloob na pagtitipon ay partikular na mapanganib, at ang mga pagtitipon ay dapat na gawin sa labas hangga't maari. Ang mga kalahok sa mga pagtitipon ng anumang laki ay dapat sumunod sa mga direktiba ng Opisyal ng Pangkalusugan na nalalapat sa mga pagtitipon, kabilang ang mga paghihigpit sa laki ng mga pagtitipon, at pati na rin ang mga Kinakailangan ng Pagdistansya sa ibang tao at Panakip sa Mukha na nakasaad sa itaas sa Seksyon 9 at 10.
12. **Mga Kinakailangan na Naaangkop sa Lahat ng mga Negosyo.**
- a. **Pag-maximize ng Telework.** Lahat ng mga negosyo ay dapat magpatuloy na i-maximize ang bilang ng mga tauhan na nagtatrabaho nang malayo mula sa kanilang bahay. Para sa kalinawan, ang lahat ng mga negosyo ay dapat mangailangan sa lahat ng mga tauhan na gawin nila ang kanilang mga trabaho nang malayo kung magagawa nila ito.
 - b. **Mga Aktibidad na Maaaring Magawa sa Labas.** Lahat ng mga negosyo ay mariing hinihikayat na ilipat ang mga operasyon hangga't maaari sa labas, kung saan sa pangkalahatan ay mas mababa ang panganib sa pagkahawa sa COVID-19. Ang mga negosyong hindi makatugon sa mga kinakailangan ng Pagdistansya sa Ibang Tao at ng Panakip sa Mukha sa loob ay makapagpatakbo sa pamamagitan ng paglilipat ng kanilang mga operasyon sa labas.
 - c. **Protokol ng Pagdistansya sa Ibang Tao .**

Kautusan ng Opisyal ng Pangkalusugan ng County
Pagtatatag ng mga Binagong Pamamaraan ng Pagbabawas ng Panganib
Upang Mapigilan ang COVID-19 (Inilabas noong Oktubre 5, 2020)

1. Lahat ng mga negosyo ay dapat maghanda, magsumite sa County, at magpatupad ng isang “Protokol ng Pagdistansya sa Ibang Tao” para sa bawat pasilidad o lugar ng trabaho kung saan maaaring naroon ang sinumang tauhan o mga miyembro ng publiko, gamit ang form na tinukoy sa Talata 3 sa ibaba. Dapat kumpirmahin ng Protokol ng Pagdistansya sa Ibang Tao na nakakamit ng negosyo ang naaangkop na mga kinakailangan na nakalista sa form na iyon, kasama ang mga mahalagang patakaran hinggil sa kaligtasan ng manggagawa at customer.
2. Para sa anumang negosyo na nagsasagawa lamang ng mga serbisyo sa mga nakakalat na pasilidad o lugar ng trabaho na hindi pinagmamay-ari o pinapatakbo ng negosyo (tulad ng, sa pamamagitan ng halimbawa, mga operasyon sa paglilinis ng tirahan sa mga tahanan ng kliyente), ang negosyo ay dapat magsumite ng isang Protokol ng Pagdistansya sa Ibang Tao para sa kabuuang operasyon nito.
3. Ang Protokol ng Pagdistansya sa Ibang Tao ay dapat makumpleto gamit ang mapupunan na webform at isumite sa Departamento ng Pamublikong Pangkalusugan ng County sa www.COVID19Prepared.org. Lahat ng mga Protokol ng Pagdistansya sa Ibang Tao ay iipunin at makikita sa isang database na magagamit ng publiko.
4. Ang Protokol ng Pagdistansya sa Ibang Tao ay dapat makumpleto ng isang taong awtorisado na magkumpleto at pumirma nito sa ngalan ng negosyo, at dapat itong lagdaan sa ilalim ng parusa na bawal ang pagsisinungaling. Lahat ng mga negosyo ay dapat magbigay ng katibayan ng pagpapatupad ng kanilang Protokol ng Pagdistansya sa Ibang Tao sa anumang awtoridad na nagpapatupad ng Kautusang ito kapag ito ay hiniling.
5. Ang lahat ng mga negosyo na may mga pasilidad o lugar ng trabaho na kasalukuyang bukas ay dapat magsumite ng isang bagong Protokol ng Pagdistansya sa Ibang Tao gamit ang isang binagong template sa loob ng 14 na araw mula sa petsa na nagkabisa ang Kautusang ito bilang isang kondisyon ng pagpapatuloy ng operasyon. Ang mga naunang Protokol ng Pagdistansya sa Ibang Tao ay wala ng bisa sa 14 na araw pagkatapos ng petsa na nagkabisa ang Kautusang ito.
6. Ang isang buong kopya ng kasalukuyang Protokol ng Pagdistansya sa Ibang Tao para sa bawat pasilidad o lugar ng trabaho ay dapat na maipamahagi sa bawat tao na nagsasagawa ng trabaho sa lokasyon ng negosyo at ibigay sa mga customer kapag ito ay hiniling. Para sa anumang negosyo na nagsasagawa

Kautusan ng Opisyal ng Pangkalusugan ng County
Pagtatatag ng mga Binagong Pamamaraan ng Pagbabawas ng Panganib
Upang Mapigilan ang COVID-19 (Inilabas noong Oktubre 5, 2020)

lamang ng mga serbisyo sa mga nakakalat na pasilidad o lugar ng trabho na hindi pinagmamay-ari o pinapatakbo ng negosyo, ang isang kopya ng Protokol ng Pagdistansya sa Ibang Tao ay dapat ibigay sa bawat tao na nagsasagawa ng trabaho para sa negosyong iyon sa County, at sa may-ari o operator ng bawat pasilidad o lugar ng trabaho kung saan sinasagawa ang mga serbisyo.

7. Isang Palatandaan na COVID-19 PREPARED at Papel ng Impormasyon para sa Bisita ng Protokol ng Pagdistansya sa Ibang Tao, na mai-download at mai-print lamang pagkatapos makumpleto ang webform, ay dapat maipaskil sa o malapit sa pasukan ng pasilidad o lugar ng negosyo na kung saan kinakailangan ang isang indibidwal na Protokol ng Pagdistansya sa Ibang Tao, at dapat madaling makita ng publiko at ng mga tauhan mula sa labas ng pasilidad o lugar ng trabaho. Kabilang dito ang lahat ng mga lugar ng trabaho ng konstruksyon. Ang anumang negosyo na nagsasagawa lamang ng mga serbisyo sa mga nakakalat na pasilidad o lugar ng trabaho na hindi pinagmamay-ari o pinapatakbo ng mga negosyo ay hindi kinakailangan na magpaskil ng Palatandaan na COVID-19 PREPARED o Papel ng Impormasyon para sa Bisita ng Protokol ng Pagdistansya sa Ibang Tao.

- d. **Mahigpit na Pag-uulat Hinggil sa mga Tauhan na Nahawaan ng COVID-19.** Ang mga negosyo at mga entidad na panggobyerno ay dapat mangailangan na ang lahat ng mga tauhan ay kaagad na mag-alerto sa negosyo o entidad na panggobyerno kung nasuri silang positibo sa COVID-19 at naroon sa lugar ng trabaho sa loob ng 48 na oras bago nagsimula ang mga sintomas o sa loob ng 48 na oras ng petsa kung kailan sila nasuri. Kung sakaling nalaman ng isang negosyo o entidad na panggobyerno na ang alinman sa mga tauhan nito ay nakumpirma na positibong kaso ng COVID-19 at nasa lugar ng trabaho sa oras na ito, ang negosyo o entidad na panggobyerno ay kinakailangan na mag-ulat ng positibong kaso sa loob ng apat na oras sa Departamento ng Pamublikong Pangkalusugan sa www.sccsafeworkplace.org. Ang mga negosyo at entidad na panggobyerno ay dapat ding sumunod sa lahat ng imbestigasyon ng kaso, pagsubaybay ng nakipagsalamuha, at mga pamamaraan sa imbestigasyon ng pagsiklab ng County, kasama ang pagbibigay ng anumang impormasyon na hiniling sa loob ng panahon na ibinigay ng County, na inatasan ang mga empleyado na sumunod sa mga protokol sa pagbubukod at pagkuwarantina na tinukoy ng County, at pagbukod sa mga positibong kaso at nakipagsalamuha ng malapitan mula sa lugar ng trabaho sa panahon ng pagbubukod at pagkuwarantinang ito.

13. **Ipinagbabawal na mga Operasyon at Aktibidad ng Negosyo.** Bilang karagdagan sa pagsunod sa mga ipinagbabawal sa Kautusan ng Estado sa ilang mga pagpapatakbo at aktibidad ng negosyo, ang mga negosyo at indibidwal ay dapat sumunod sa anumang mga direktiba o kautusan ng Opisyal ng Pangkalusugan na nagsususpende ng ilang mga

Kautusan ng Opisyal ng Pangkalusugan ng County
Pagtatatag ng mga Binagong Pamamaraan ng Pagbabawas ng Panganib
Upang Mapigilan ang COVID-19 (Inilabas noong Oktubre 5, 2020)

pagpapatakbo o aktibidad ng negosyo o nangangailangan sa mga partikular na pasilidad na magsarado.

14. **Transportasyon.** Ang mga ahensya ng transportasyon ay dapat mangasiwa sa pagsunod sa mga Kinakailangan ng Pagdistansya sa Ibang Tao hanggang sa abot ng kanilang makakaya. Ang lahat ng mga tao ay dapat sumunod sa Patnubay sa mga Panakip sa Mukha sa Seksyon 10 at mga Kinakailangan ng Pagdistansya sa Ibang Tao sa Seksyon 9 habang nakasakay o naghihintay sa pampublikong transportasyon, maliban sa mga taong partikular na binukod.
15. **Pagpapatupad.** Alinsunod sa mga seksyon 26602 at 41601 ng Kodigo ng Gobyerno, seksyon 101029 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan, at seksyon A1-34 *et seq.* ng Kodigo ng Ordinansa ng Santa Clara County, hinihiling ng Opisyal ng Pangkalusugan na ang Sheriff, lahat ng mga hepe ng pulisya sa County, at lahat ng mga opisyal na nagpapatupad sa batas ay nagtitiyak sa pagsunod at pagpatupad ng Kautusang ito. Ang paglabag sa anumang probisyon ng Kautusang ito ay bumubuo ng isang napipintong banta at panganib sa kalusugan ng publiko, bumubuo ng isang panggugulo sa publiko, at mapaparusahan sa pamamagitan ng multa, pagkabilanggo, o pareho.
16. **Petsa ng pagkabisa.** Ang Kautusang ito ay magkakabisa sa 12:01 a.m. sa araw pagkatapos ng anunsyo ng Departamento ng Pampublikong Pangkalusugan ng California na ang County ay pumasok sa Antas 3 (Orange na Antas) sa ilalim ng "Plano para sa Mas Ligtas na Ekonomiya" ng Estado tulad ng inilarawan sa covid19.ca. gov. Ang Kautusang ito ay magpapatuloy na may bisa hanggang tanggalin, palitan, o baguhin ito sa pagsulat ng Opisyal ng Pangkalusugan.
17. **Mga kopya.** Ang mga kopya ng Kautusang ito ay dapat kaagad na: (1) magagamit sa County Government Center at 70 W. Hedding Street, San José, California; (2) mai-post sa website ng Departamento ng Pampublikong Pangkalusugan ng County (www.sccphd.org); at (3) maibigay sa sinumang miyembro ng publiko na humihiling ng kopya ng Kautusang ito.

//

//

//

//

//

//

//

Kautusan ng Opisyal ng Pangkalusugan ng County
Pagtatatag ng mga Binagong Pamamaraan ng Pagbabawas ng Panganib
Upang Mapigilan ang COVID-19 (Inilabas noong Oktubre 5, 2020)

18. **Severability.** Kung mapawalang bisa ang anumang probisyon ng Kautusang ito o ang aplikasyon nito sa sinumang tao o pangyayari, ang natitira sa Kautusan, kasama ang aplikasyon ng gayong bahagi o probisyon sa ibang mga tao o pangyayari, ay hindi maapektuhan at magpapatuloy na may bisa. Hanggang dito, ang mga probisyon ng Kautusang ito ay maaaring maihiwalay.

ITO AY INIUTOS:

Sara H. Cody, M.D.
Opisyal ng Pangkalusugan ng County ng Santa Clara
Petsa: 10/5/2020

Inaprubahan bilang anyo at legalidad:

James R. Williams
Tagapayo ng County
Petsa: 10/5/2020

Kautusan ng Opisyal ng Pangkalusugan ng County
Pagtatatag ng mga Binagong Pamamaraan ng Pagbabawas ng Panganib
Upang Mapigilan ang COVID-19 (Inilabas noong Oktubre 5, 2020)